Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 7 - Modyul 24:
## Magagalang na Pananalita sa Text



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Linggo 7 - Modyul 24: Magagalang na Pananalita sa Pakikipagtalastasan sa Text
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publishers*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Brylle A. Cabaya |
| **Editor:** | Catherine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagapaglapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn S. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapagpamahala:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>*Asst. Schools Division Superintendent* |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 7 - Modyul 24:
## Magagalang na Pananalita sa Text

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na ito*

Magaling! Ikaw ay nagpakita ng pambihirang interes sa mga araling nakalipas. Mas lalo mo pa itong paghusayan ng ikaw kay matuto.

Ikaw ba ay magalang? Sa anu-anong mga paraan mo ito ipinapakita. Gumagamit ka ba ng magagalang na mga pananalita?

Ang modyul namang ito ay nakapukos ang paksa sa pagiging magalang mo sa lahat ng bagay, maging ito man sa pananalita o sa pagsulat.

Ngayon, gusto kung sukatin ang inyong pagiging magalang. Lakbayin lamang ang araling ito at pagtagumpayang tapusin ang mga gawain. Dahil sabi nga ng sawikain, "Ang Batang Magalang ay Mahal ng Dios".



## *Alamin*

Hali na't tunghayan ang iyong matututunan sa araling ito;

(Mga Layunin)



1. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't-ibang sitwasyon o pakipagtalastasan sa text (SMS) pagbati; F4PS-Ig-12.9 at
2. Nakasusulat ng wastong text (SMS) F4PU-Id-h-2.1

## *Paano matuto sa Modyul na ito?*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang Mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |

## *Subukin*

Natutunan mo sa nakalipas na mga modyul ang iba't-ibang magagalang na salita sa pakipagtalastasan o pakikipag-usap kanino man sa ibat't-ibang sitwasyon.

Upang masukat ang iyong natutunan sa nakalipas na mga araw, narito ang pagsasanay.

Panuto: Salungguhitan ang mga magagalang na pananlita sa usapan.

Sitwasyon: Tumawag si Billy (B) sa bahay ng kaklase niya. Nakausap niya ang nanay (N) nito. Pagmasdan ang halimbawa.

B : Hello. <u>Magandang umaga po</u>. <u>Pwede po bang makausap si Lisa?</u>

N : Magandang umaga naman. Nanay ito ni Liza. Wala siya rito. May pinuntahan.

B : Pwede po bang magbilin sa kanya?

N : O, ano ba ng ipagbibilin mo?

B : Magkikita po kami sa laybrari mamaya sa ganap na ika-9 na oras.

N : Hayaan mo't sasabihin ko.

B : Maraming salamat po.

N : Walang anuman.

Ano ang masasabi mo kay Lisa? Siya ba ay naging magalang sa pakikipag-usap sa Nanay ni Lisa? Bakit?

# Aralin 2

# Magagalang na Pananalita sa Text

Maraming katangian ang mga Pilipino na dapat ipagmalaki sa buong mundo. Isa na rito ay ang likas nating pagiging magalang sa isa't-isa.

Mahalagang maalala at magamit ang magagalang na pananalita sa pang-araw-araw na buhay. Maaring simulan sa tahanan, paaralan at sa mga kaibigan.



## *Balikan*

Ano ang ating naging paksa sa nakalipas na araw? Tama, natutunan nating ang pagsasagot ng SMS o Shot Messaging Text sa pamamagitan ng pagtuon sa mga mahahalagang detalyeng nais iparating o ihayag ng sendir. Dapat ay magiging mas mapanuri pa tayo sa pagsasagot nito. Pagtuunan natin ngayon ng pansin ang pag-sagot at pagsulat ng wastong pakipagtalastasan sa iba't-ibang sitwasyon kung saan tayo ay gumamagamit ng mga magagalang na pananalita.



## *Tuklasin*

Hali na't kantahin natin ang awit na nasa ibaba. Kantahin ito sa tono ng "Magtanim ay Di Biro".

**Magagalang Na Salita**

Magagalang na salita
Halina't isagawa.
Hindi lamang sa matatanda
Kundi sa buong madla

Sa tahanan at paaralan
Paggalang natututuhan
Ito'y laging tatandaan
Huwag nating kalilimutan.

Salamat po, kumusta po,
Magandang umaga po,
Magandang gabi rin po
Paumanhin at paalam po

Kayo ba ay nahirapan sa pagkanta? Maari mo rin itong bigkasin bilang tula. Bigyan laman ito ng taman diin, bilis, ekspresyon at intonasyon.

Ang kantang iyan ay naglalaman ng mga magagalang na pananalita, isa-isahin mo nga ang mga ito?



## *Suriin*

Nakatanggap ka na ba ng teks o kaya'y maikling sulat padala? Paano imo ito sinagot? Ikaw ba ay naging magalang sa pagsagot sa mga ito? Ano-anong mga salita o pananalitang magalang ang iyong ginamit?

May inihanda akong isang survey na naglalaman kung kailan mo ipinakikita ang iyong pagiging magalang. Lagyan lang ng tsek (✓) ang kahon. Sagutin ito ng buong puso.

| Mga Sitwasyon | Madalas | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1.Paggamit ng "po" at "opo" sa mga nakakatanda. | | | |
| 2.Pagpapaalam sa may-ari ng gamit bago ito gamitin. | | | |
| 3.Pagbati sa kahit sinong makasalubong na kilala sa daan. | | | |
| 4.Pakikinig sa mga usapan ng mga nakakatanda. | | | |
| 5.Paghingi ng pahintulot sa taong maiistorbo. | | | |



## *Pagyamanin*

Napaka-importante na sa pakikipagtalastasan ay gumamit tayo ng magagalang na pananalita. Ito ay nagpapakita ng kabutihang asal at ugali ng isang tao.

Panuto: Punan ang usapan ng angkop na magagalang na pananalita. Sundan ang detalye ng usapan nang sa ganoon ay makasusulat ka ng wastong sagot o tugon sa teks.


Sitwasyon: May sakit ang Lolo ni Jean (J). Inutusan siya ng Nanay na tumawag sa Botika (B) sa plasa.

J : Hello. Magandang tanghali po.
B : magandang tanghali na man.
J : ______________________________
B : Oo, mayroon ditong gamot na tinutukoy mo.
J : ______________________________
B : Kwarenta pesos lamang ang bawat bote.
J : _______________________________
B : Walang anuman.



## *Isaisip*


Mahalagang sa pakikpagtalastasan ay nakatuon ka sa mahahalagang delatye nang sa ganoon ay makakarespondi ka kaagad sa tugon ng kausap mo. Kagaya ng nasa itaas na sitwasyon, ang pokus ng kanilang usapan ay ang pagbili ng gamot para sa may sakit niyang lola.



## *Isagawa*

### Gawain 1

May anunsyong nais iparating si Mang Isko para sa kanyang mamimili. Basahin ang anunsyo at unawain.



**ISKO PANADERYA**

Hali na at bisitahin ang aming panaderya. Mamili ng aming masasarap na tinapay tuwing 5:00 hanggan 7:00 ng hapon. Sa bawat pagbili ninyo ng apat na tinapay sa halagang 20.00 piso ay may dagdag kayong isang tinapay na libre. Huwag ng pahuhuli pa. Maraming salamat po.

Mga Tanong:

1. Tungkol saan ang mensahe?

   ______________________________________________

2. Anong magagalang na pananalita ang ginamit sa patalastas? Isulat ang mga ito?

   ______________________________________________

3. Magkano kaya ang isang piraso ng kanyang tinapay? Gamitin ang iyong nalalaman sa matematika.

   ______________________________________________

4. Paano kaya makakahikayat ng mamimili ang Allan's panaderia?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Sa anunsiyong iyan, marami ba kaya ang mamimili ng kanyang tinapay? Bakit?

   ______________________________________________




***Mga Tala para sa Guro***

- Sa pagwawasto ng mga sagot ng mag-aaral ay dapat isaalang-alang ang tatas ng mga sagot lalo na sa tanong na nangangailangan ng eksplinasyon.
- Isang puntos bawat isang tamang sagot.

**Gawain 2**

Sitwasyon: Oras ng reses at ang lahat ng iyong kaklase ay nasa labas at naglalaro. Nais mong sumali sa laro ng iyong mga kaibigan. Ano kaya ang sasabihin mo sa kanila? Gumamit ng magagalang na pananalita at isulat ito sa nakalaang espasyo.



## *Tayahin*

Panuto: Gumawa ng isang dayalogo o pakikipagtalastasan ng kahit anong paksa o sitwasyong nais niyo. Gamitan ito ng mga magagalang na pananalita. Isulat ang pakipagtalastasan sa kahong nakalaan.

Rubrik sa pagbibigay ng puntos

| Pamantayan | 1 | 2 | 3 | Iskor |
|---|---|---|---|---|
| Pagkabuo ng pangungusap sa dayalogo (paggamit ng malaking titik at bantas) | Hindi wasto ang pagkabuo ng mga pangungusap sa dayalogo. | May Isa o dalawang pangungusap ang hindi wasto ang pagkabuo sa dayalogo. | Wastung-wasto ang pagkabuo ng mga pangungusap sa dayalogo. | |
| Salitang Ginamit | Hindi angkop ang mga salitang ginamit sa dayalogo. | May isa o dalawang salita ang hindi angkop sa dayalogo. | Angkop na angkop ang mga salitang ginamit sa dayalogo. | |
| Kaangkupan sa sitwasyon o paksa | Hindi angkop ang nabuong dayalogo sa paksa. | Angkop ang ilang bahagi ng dayalogo sa paksa. | Lubhang nakapaangkop ng mga bahagi ng dayalogo sa paksa. | |
| | | | **Kabuuang Iskor** | |

## *Karagdagang Gawain*

Nais kong magkaroon tayo ng kasunduan. Ano ang iyong maipapangako para laging buhay ang pagiging magalang sa iyong sarili. Idugtong ang iyong pangako sa kahon.

Mula ngayon ay sisikapin kong__________

## *Susi sa Pagwawasto*

Subukin

B : Hello. Magandang umaga po. Pwede po bang makausap si Lisa?

N : Magandang umaga naman. Nanay ito ni Liza. Wala siya rito. May pinuntahan.

B : Pwede po bang magbilin sa kanya?

N : O, ano ba ng ipagbibilin mo?

B : Magkikita po kami sa laybrari mamaya sa ganap na ika-9 na oras.

N : Hayaan mo't sasabihin ko.

B : Maraming salamat po.

N : Walang anuman.

Pagyamanin

J : Hello. Magandang tanghali po.

B : Magandang tanghali na man.

J : Mayroon po ba kayong gamot para sa sakit ng aking lolo?

B : Oo, mayroon ditong gamot na tinutukoy mo.

J : Magkano po baa ng isang bote?

B : Kwarenta pesos lamang ang bawat bote.

J : Maraming salamat po.

B : Walang anuman.

| Isagawa (Gawain 1) |
|---|
| 1.Tungkol sa libreng tinapay sa bawat 20.00 na bibilhin. |
| 2. Maraming salamat po. |
| 3. 5:00 bawat piraso |
| 4. Sa pamamagitan ng isang libreng tinapay sa bawat 20:00 bibilhin. |
| 5. Oo, dahil makatitipid ang mamimili sa libreng isang pirasong tinapay. |

## *Sanggunian*

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon - Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615